



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Ligtas na tao, Ligtas na lugar

Ang kaligtasan at kapakanan ng ating mga anak ay pinakamahalaga sa lahat. Bilang mga magulang at tagapangalaga, hindi laging kasama tayo ng ating mga anak upang payuhan at protektahan sila.

Kapag nasa labas at abala, ang mga bata ay maaaring malagay sa mga sitwasyon kung saan napakahalaga ng mabuting pagpapasya. Habang nasa isipan ito, ang pagbibigay sa ating mga anak ng mga naaangkop na pagtugon sa ilang sitwasyon ay makatutulong upang maiwasan nila ang gulo at panganib.

Narito ang ilang simpleng tip na maibibigay sa inyong mga anak kapag sila ay nasa labas at abala.

Protektahan ang inyong anak habang lumalakad pauwi sa bahay

- **LAGING** alamin ang ligtas na mga lugar pauwi sa bahay mula sa paaralan.
- **HUWAG** hintuan at kausapin ang mga taong hindi mo kilala. Umuwi nang direktso sa bahay o sa lugar na nilalayan mong puntahan.
- **LAGING** humanap ng isang ligtas na lugar kung nangangamba ka. Kabilang dito ang mga paaralan, tindahan, simbahan o mga himpilan ng pulis/bumbero/ambulansya at sabihin sa kanila na ikaw ay natatakot.
- **HUWAG** sumakay sa kotse ng taong hindi mo kilala.

Protektahan ang iyong anak sa pampublikong sasakyan

- **HUWAG** maglakbay sa ilang na mga lugar. Maghanap ng punuang mga karuhahe, kompartamento ng guwardiya (na minarkahan ng asul na ilaw) o sa harapan ng bus.
- **LAGING** sikaping maglakbay kasama ang grupo ng mga kaibigan hanggat maaari.

Protektahan ang inyong anak kapag nasa mga pampublikong lugar

- **LAGING** magdala ng contact number para sa iyong mga magulang. (Nasa isang card na nakakabit sa iyong damit, nakasulat sa iyong mga braso o sa iyong telepono).
- **HUWAG** lumayo mula sa pamilya o mga kaibigan nang hindi sinasabi sa kanila kung saan ka pupunta, kailan ka babalik at sino ang kasama mo.
- **LAGING** lumayo mula sa mga away o argumento, sa pag-uugaling hindi maganda o agresibo at isama ang mga kaibigan mo.
- **TANDAAN**, laging sabihin sa iyong mga magulang, tagapag-alaga o guro kung may nangyaring anuman.

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen
bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au**

Protektahan ang iyong mga anak



Justice



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.